May 2021
Version 1.1

COVID-19 VACCINE PROGRAMME

Bakuna sa COVID-19 at pamumuo ng dugo

Mahalagang impormasyon tungkol sa iyong bakuna

Ang programa sa bakuna ng UK ay labis na matagumpay na mayroong 34 milyong taong nabakunahan at lampas sa 10,000 nasagip na buhay. Ang mabilis na paglaan ay nangangahulugang maaari nating maproteksyunan ang mas maraming tao at sinisimulan na nating bawiin ang mga pagbabawal sa ating populasyon. Nakadisenyo ang pulyetong ito na tumulong sa iyo na gumawa batid na pagpasya tungkol sa pagbakuna.

Ano ang suliranin?

Kamakailan ay mayroong ulat na kakaibang kondisyong kinabibilangan ng pamumuo ng dugo at di-karaniwang pagdurugo matapos ang bakuna. Ito ay kasalukuyang masusing pinag-aaralan ngunit ang panganib para sa kondisyong ito ay hindi pa malinaw. Bagama't ang kondisyong ito ay ganap na kakaiba lumalabas na may mas mataas na panganib sa mga tao matapos ang unang dosis ng AstraZeneca (AZ) na bakuna. Tinatayang 4 na tao ang nagkaroon nitong kondisyon sa kada milyong dosis ng bakunang AZ na ibinigay.

Ito ay napansin sa mga kabataan at maaaring mangyari sa pagitan ng 4 na araw at 2 linggo matapos ang pagbakuna.

Maaari ring karaniwang mangyari ang kondisyon na ito, at ang mga suliranin sa pamumuo ng dugo ay karaniwang komplikasyon ng impeksyon ng COVID-19. Hindi pa napapansin ang tumaas na panganib.

Anong bakuna ang ibibigay sa akin?

Hanggang kamakailan naniniwala kami na ang lahat ng ating mga bakuna ay maibibigay nang walang pinipili sa buong populasyon. Binalanse ng Pinagsamang Komite sa Bakuna at Imunisasyon (Joint Committee on Vaccination and Immunisation, JCVI) ang mga panganib at benepisyo at ngayon ay nagsagawa ng mga sumusunod na payo (tingnan ang mga karagdagang detalye sa buong pahina).

40 taon o mas matanda o may mga kondisyong medikal

Ang mga nakatatanda (kabilang ang mga manggagawa sa kalusugan at pagkalinga na nasa edad 40 taong gulang o mas matanda), residente sa tahanan ng pagkalinga at nakatatanda sa anumang edad na may kondisyong medikal ay mayroong mataas na panganib sa komplikasyon ng COVID-19. Ang Ahensya sa Regulasyon ng mga Medisina at Produktong Pangkalusugan (Medicines and Healthcare products Regulatory Agency, MHRA) at JCVI ay nagpapayo na dapat kang makatanggap ng anumang magagamit na bakuna para sa COVID-19.* Ang mga benepisyo ng bakuna sa pagproteksyon sa iyo laban sa mga seryosong kahihinatnan ng COVID-19 ay mas marami kaysa sa anumang panganib ng labis na kakaibang kondisyon na ito.

Kung ikaw ay isang malusog na tao na nasa edad 30 hanggang 39 gulang

Sa kasalukuyang sitwasyon nagpayo ang JCVI na mas mainam para sa mga taong nasa grupo ng edad na ito na magkaroon ng bakuna maliban sa AZ. Ikaw ay mas nasa panganib ng seryosong kahihinatnan ng COVID-19 at magkakaroon ng mas maraming benepisyo sa pagkakaroon ng bakuna kung ikaw ay mas matanda, lalaki, mula sa ilang lahi, sa ilang mga trabaho, o labis ang timbang. Mahalaga na mabakunahan ka sa lalong madaling panahon upang maprotektahan ka at upang mabawasan ang pagkakataon ng pagpasa ng virus. Kung magbabago ang sitwasyon at ikaw ay aalukin ng bakuna ng AZ maaari kang tumuloy matapos isaalang-alang ang lahat ng panganib at benepisyo. Mangyaring masusing pag-isipan ang panganib ng COVID-19 para sa iyo at iyong pamilya at kaibigan bago magsagawa ng kapasyahan. Mangyaring tingnan ang talaan sa mga susunod na pahina.

Kung ikaw ay malusog na nakababatang tao na nasa edad 18 hanggang 29

Kasalukuyang ipinayo ng JCVI na mas mainam para sa mga tao na mas bata sa 30 na magkaroon ng bakuna maliban sa AZ dahil ang panganib mula sa impeksyon sa COVID-19 ay masyadong mababa. Kung ikaw ay aalukin ng bakuna ng AZ maaari kang tumuloy matapos mong isaalang-alang ang lahat ng mga panganib at benepisyo para sa iyo.

Paano ang pangalawang dosis?

Kung ikaw ay mayroong unang dosis ng bakuna ng AZ nang hindi nakararanas ng lubhang kakaibang side effect dapat mong kumpletuhin ang paggamot. Kabilang dito ang mga tao na nasa edad 18 hanggang 39 taong gulang na manggagawa sa kalusugan at pagkalinga, tagapangalaga at miyembro ng pamilya na mahina ang proteksyon ng katawan. Inaasahan na ang unang dosis ng bakuna ay nagbigay sa iyo ng ilang proteksyon, lalo na laban sa mga seryosong karamdaman. Ang pagkakaroon ng pangalawang dosis ay magbibigay sa iyo ng mas mataas at mas mahabang proteksyon at inaasahang mas kaunting karaniwang side effect (kabilang ang daliang sakit ng ulo).

*Kung ikaw ay mayroong kakaibang sakit sa pamumuo ng dugo dapat kang makipag-usap sa iyong espesyalista tungkol sa pagkakaroon ng bakuna ng AZ

Ano ang mga benepisyo at panganib ng bakuna?

Edad	Panganib mula sa COVID-19	Panganib ng bakuna	Benepisyo ng bakuna
50 taon o mas matanda o may mga kondisyong medical	Mababa ang • tsansa ng pagkakaroon at pagkahawa ng impeksyon Napakataas • pagka-ospital • admisyon sa intensive care • pagkasawi Katamtaman • Mahabang pagkakasakit sa COVID	Di-karaniwan • pagpasa ng braso • pakiramdam ay pagod • sakit ng ulo • pananakit ng katawan • sintomas tulad ng trangkaso Mangilan-ngilan • suliranin sa pamumuo ng dugo (nasa 1 sa 100,000 unang dosis)	• Isang dosis ay lampas sa 80% kabawasan sa • pagkasawi • ospitalisasyon • intensive care Dalawang dosis pa ay lampas sa 95% kabawasan • pagkasawi Isang dosis sa pagitan ng 60% at 70% na kabawasan ng • pagkakaroon at pagpasa ng impeksyon Dalawang dosis n ay lampas sa 85% ng kabawasan sa • pagkakaroon at pagpasa ng impeksyon
40 hanggang 49 na taong gulang	Mataas • pagkakaroon at pagpasa ng impeksyon Katamtaman • ospitalisasyon • admisyon sa intensive care • pagkasawi • Mahabang pagkakasakit sa COVID	Karaniwan • pagpasa ng braso • pakiramdam ay pagod • sakit ng ulo • pananakit ng katawan • sintomas tulad ng trangkaso Mangilan-ngilan • suliranin sa pamumuo ng dugo (nasa 1 sa 100,000 unang dosis)	
30 hanggang 39 na taong gulang	Mataas • pagkakaroon at pagpasa ng impeksyon • Mababa • ospitalisasyon • admisyon sa intensive care • pagkasawi Katamtaman • Mahabang pagkakasakit sa COVID	Karaniwan • pagpasa ng braso • pakiramdam ay pagod • sakit ng ulo • pananakit ng katawan • sintomas tulad ng trangkaso Mangilan-ngilan • suliranin sa pamumuo ng dugo (nasa 1 sa 50,000 unang dosis)	
18 hanggang 29 na na taong gulang of age	Napakataas • pagkakaroon at pagpasa ng impeksyon Napakababa • ospitalisasyon • admisyon sa intensive care • pagkasawi Katamtaman • Mahabang pagkakasakit sa COVID	Napaka-karaniwan • pagpasa ng braso • pakiramdam ay pagod • sakit ng ulo • pananakit ng katawan • sintomas tulad ng trangkaso Mangilan-ngilan • suliranin sa pamumuo ng dugo (nasa 1 sa 50,000 unang dosis)	

Ano ang aking babantayan matapos ang pagbakuna?

Kahit na malabo ang seryosong side effect, kung makararanas ka ng anuman sa mga sumusunod mula sa pang 4 na araw hanggang sa pang 4 na linggo matapos ang bakuna dapat kang agarang kumuha ng payong medikal.

isang bago, malubhang sakit ng ulo na hindi nalulunasan ng karaniwang painkiller o mas lumalala

- sakit ng ulo na mukhang lumalala kapag nakahiga o tumutuon o
- isang di-karaniwang sakit ng ulo na may kasamang:

– panlalabo ng paningin, pagduduwal at pagsusuka

– hirap sa pagsasalita

– panghihina, pagkahilo o panginginig

- bago, di-maipaliwanag na parang tusok ng karayom na pasa o pagdurugo
- hirap sa paghinga, pananakit ng dibdib, pamamaga ng binti o matagalang sakit ng tiyan

Para sa karagdagang impormasyon,
bumisita sa **gov.je/vaccine**